

Ano nga ba ang National Voluntary Blood Services Program o NVBSP?

Ang NVBSP ay isang programa sa ilalim ng Department of Health na taga pangasiwa ng polisiya at standards sa blood banking sa Pilipinas. Ang Programa ay naka-ayon sa Republic Act 7719 o National Blood Services Act of 1994. Ang adbokasiya ng Programa ay 100% voluntary non-remunerated blood donation (VNRBD). Ibig sabihin nito ay ang goal ng Programa ay mawala na ang mga paid donors at replacement donation para masigurado ang sapat at ligtas na dugo na isasalin sa mga pasyente.

Ayon sa World Health Organization, ang pinakaligtas na dugo ay galing sa mga volunteer blood donors dahil mababa ang porsiyento ng Transfusion Transmissible Infections (TTIs) sa populasyon na ito.

Ang volunteer blood donors ay mga blood donors na nag dodonate na walang bayad o regalo na tinatanggap at kadalasan ay hindi kilala ang mga pasyente na bibigyan ng dugo. Sila ang mga nag dodonate sa mga lisensyadong blood service facilities.

Ngayong panahon na ng COVID-19 vaccination, may panawagan ang Department of Health – National Voluntary Blood Services Program (DOH-NVBSP) sa ating mga blood donors:

Bago magpaturok ng vaccine, maaaring mag-donate muna sa mga lisensyadong blood service facilities sa inyong lugar.

Ang isang blood donor ay maaaring mag-donate ng dugo kada tatlong (3) buwan, ang deferral period pagkatapos magpa vaccine ay naka depende sa klase ng vaccine na tinurok sa kaniya.





Gaano katagal ang deferral period o bawal mag donate ang isang blood donor kung siya ay naturukan ng COVID-19 vaccine?

Ayon sa DOH Department Circular No. 2021-0102 "Updating of Timing of Blood Donation When Donors Receive COVID-19 Vaccine in the A to Z Guide to Medical Assessment of Blood Donors", ang deferral period bago mag donate ng dugo ay depende sa klase ng COVID-19 vaccine na natanggap ng blood donor:

Type of COVID-19 Vaccine	Timing of Blood Donation
Live attenuated vaccine	28 days after vaccination
Viral-vector based vaccine (non-replicating)	28 days after vaccination
Inactivated vaccine	28 days after vaccination
Subunit vaccine	Accept anytime, if asymptomatic
mRNA-based vaccine	Accept anytime, if asymptomatic
Unknown vaccine type	28 days after vaccination

Note: if a person experiences vaccine-related symptoms such as fever, rashes, muscle ache, joint pain. Further deferral of 28 days after resolution of symptoms

Disclaimer: Itong issuance na ito ay maaaring magbago depende sa progreso ng siyentipikang pag-aaral ng COVID-19 vaccines at ng epekto nito sa mga tao.

Hanggang ilang beses pwede mag-donate ng dugo ang isang blood donor?

Kung whole blood/conventional blood donation, kada tatlong (3) buwan ay maaari siyang mag donate. Para sa apheresis/convalescent plasma donations, kada dalawang (2) linggo maaari silang mag donate.





Ano ang dapat gawin bago at pagkatapos mag-donate ng dugo?

Bago makapagbigay ng dugo ang isang tao, kailangang magawa niya ang mga sumusunod:

- Iwasan ang pag inom ng alak at pagsigarilyo sa loob ng 24 oras
- Kumain ng sapat na pagkain (breakfast/lunch) at uminom ng 8 baso ng tubig
- Nakatulog ng 6-8 hours
- Kumpletuhin ang Health Declaration Form at Donor History Questionnaire pagkarating sa blood collection site
- Sagutin ang mga tanong ng trained professional staff o doctor tungkol sa kalusugan niya
- Makatanggap ng education and counseling tungkol sa pagdo-donate ng dugo mula sa trained professional staff o doctor
- Makuha ang kanyang timbang, blood pressure, pulso, temperatura at hemoglobin level
- Masuri ng physician o doktor at ma clear para mag donate

Pagkatapos magbigay ng dugo, kailangang:

- Magpapahinga ng sampung minuto
- Uminom ng 8 baso ng tubig
- Iwasan ang pag inom ng alak at pagsigarilyo sa loob ng 24 oras

Anu-ano ang mga benepisyong naidudulot ng pagdodonate ng dugo?

Ang pagdo-donate ng dugo ay maaaring:

- Makatulong sa produksyon ng bagong red blood cells, na siyang makabubuti sa iyong katawan
- Mapapabuti sa pakiramdam dahil sa kaalaman na ikaw ay nakatulong sa kapwa
- At higit sa lahat, makatulong sa mga pasyenteng lubos na nangangailangan ng dugo



May mga report na mga indibidwal na sinasadyang magkaroon or magpahawa ng COVID-19 para lang makapag donate at kumita ng pera, anong masasabi ng DOH tungkol dito?

Maaaring ipinagbabawal ng DOH ang sadyang pagkakaroon ng COVID-19 upang makapagbigay ng dugo kapalit ng pera. Ito ay delikado at maaaring humantong sa malubhang karamdaman at pagmulan ng iba pang sakit at ikamatay.

Maaari bang bumili o magbenta ng convalescent plasma o iba pang blood product tulad ng whole blood o platelet concentrate?

Hindi, dahil ilegal ang gawaing ito. Ayon sa Republic Act No. 7719 o “National Blood Services Act of 1994”, maaari lamang kumuha ng dugo sa mga volunteer blood donors. Ang lahat ng mahuhuling institusyon o indibidwal (o fixers) na nagsasagawa nito ay bibigyan ng karampatang parusa base sa Republic Act 9485 (Anti-Red Tape Act) lahat ng government employees ang pakikipag-ugnay sa mga ipinagbabawal na transaksyon sa mga fixer ay maaaring mapawalang-bisa mula sa serbisyo. Ang mga lumalabag ay nahaharap sa pagkabilanggo ng mas mababa sa 6 na taon at multa mula sa Php 20,000- Php 200,000.

Paano masisigurong walang nagaganap na ilegal na pagbebenta o pagbili ng dugo o convalescent plasma?

Ang lahat ng Barangay Health Emergency Response Team (BHERT), Community Health Officers (CHO), Municipal Health Officers (MHO), staff ng Health Facilities – hospital blood banks o blood centers, at Local Government Units (LGUs) ay inaasahang maging alerto sakaling mayroong ilegal na pagbebenta o pagbili ng convalescent plasma sa kanilang lugar.

Para sa mga may kakilala na nagbebenta ng dugo o fixers, maaaring ipagbigay alam sa email ng National Voluntary Blood Services Program (nvbsp1@doh.gov.ph) o i-message sila sa kanilang Facebook Page.



Anong mangyayari kung ang dugo ay galing sa mga paid donors?

Dahil ang pangunahing layunin ng mga paid donors ay kumita ng pera, maaari silang magsinungaling sa Donor History Questionnaire at interview upang makapasa sa screening. Delikado ito sapagkat maaaring mahawa ang pasyente ng mga sakit na maaaring maipasa sa dugo tulad ng HIV, hepatitis B at C, syphilis, at malaria.

Ito ay dahil kahit na isinasailalim sa test ang dugo mula sa mga paid donors, maaari pa ring hindi ma-detect ang mga virus dahil mayroon tayong tinatawag na "window period." Ang window period ay ang panahon kung kailan ang virus ay nasa katawan na at maari nang maipasa sa iba, subalit hindi pa ito matutukoy ng mga pagsusuring ginagawa sa laboratoryo.

Ang pinakaligtas na dugo ay iyon pa ring nagmula sa mga volunteer blood donors sapagkat ang kanilang pagdo-donate ng dugo ay ginawa ng kusang loob at walang inaasahang kapalit.

Nag donate ako ng dugo pero bakit nagbabayad pa rin ako kapag kinailangan ko?

Ang tawag sa binabayaran mo ay blood service fees, nakapaloob dito ang bayad sa testing reagents, blood bags, at storage fee. Ang testing reagents ay ginagamit para ma-test ang dugo sa limang Transfusion Transmissible Infections tulad ng HIV, Hepatitis B at C, syphilis, at malaria na maaaring makuha kung hindi ligtas at na suri ng tama ang dugo. Para masigurado na ang dugo ay ligtas at hindi masira, nilalagay ito sa blood bag at inii-store sa blood bank refrigerator, plasma freezer or platelet agitator sa tamang temperatura.

Sa ngayon, ayon sa DOH Administrative Order No. 2015-0045 "New Maximum Allowable Fees for Whole Blood and Blood Components in Blood Service Facilities" ang presyo ng:

- Whole Blood ay Php 1,800
- Packed Red Blood Cells ay Php 1,500
- Platelet Concentrate at Fresh Frozen Plasma Php 1,000

Disclaimer: Itong issuance na ito ay maaaring magbago depende sa konsultasyon sa mga eksperto para sa costing.



Paano ako makakalabas ng bahay para mag donate kung wala akong sasakyan at naka quarantine ang lugar namin?

Ang mga blood service facilities tulad ng Philippine Blood Center (PBC) ay nag susundo at hatid ng mga blood donor mula sa kanilang bahay papunta sa PBC at pabalik muli sa bahay ng blood donor na walang bayad.

Ang NVBSP ay naglabas rin ng “Authorization Pass” para sa mga blood donors na kailangan ng dokumento para makalabas upang mag donate ng dugo. Itong Authorization Pass na ito ay walang bayad at ang nag iissue nito ay ang blood service facility kung saan mag donate ang blood donor at valid ito sa araw lamang ng donation.

Ako ay isang coordinator ng aming kumpanya o organization, dati kaming nagpapamobile blood donation pero natigil ng nagkaroon ng pandemic. Maaari pa rin ba kaming mag host ng mobile blood donation sa aming lugar?

Maaari pa rin, dahil ang NVBSP ay nag labas ng dokumento ukol sa mga protocol na dapat gawin ng mga blood service facilities na nasa mobile blood donation activities para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga blood donor at staff. Sa kasalukuyan, hindi naman natigil ang paglaganap ng mobile blood donation activities, ngunit konti nga lang ito lalo na sa Metro Manila dahil sa dami ng COVID-19 positive cases at pag cancel ng mga partner agencies na naging sanhi ng pagbaba ng supply ng dugo. Kaya hinihikayat namin ang mga partner agencies na muling buksan ang inyong mga pinto na maghost muli ng mobile blood donation activities sa inyong organization. Kung hindi man maaari sa lugar ninyo, pwede sunduin at ihatid ang mga blood donor galing sa kanilang bahay papunta sa Philippine Blood Center kung sila ay nasa Metro Manila o kalapit na rehiyon.





Healthy
Pilipinas



Konsultayo
Primary Care Provider

Kung hindi alam kung saan ang pinakamalapit na blood service facility (blood bank o blood center) sa inyong lugar, may partnership na ang DOH at Philippine Red Cross sa Facebook upang mas mabilis ma-locate ang mga blood bank o blood center kung saan pwede mag donate.

Ito ang steps na pwedeng gawin upang ma-locate ang blood bank o blood center:

1. Buksan ang Facebook account mo
2. Pumunta sa “menu” at i-click ang “blood donations”
3. Piliin ang pinakamalapit na blood bank/blood center sa inyong lugar para sa scheduling ng interview at blood collection
4. Kung hindi ma-contact ang gustong blood bank/blood center, i-message ang FB Page ng NVBSP.



Konsultayo sa ating mga Primary Care Providers